OFFICE OF THE FACULTY REGENT
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES

4/F Alcantara Hall, UP Diliman, Quezon City, Philippines 1101
(02) 8981-8500 loc. 4511 & 4512 | faculty.regent@up.edu.ph

# Tipunan: Konsultatibong Pagpupulong para sa Demokratikong Pamamahala sa Pamantasan

*2 Pebrero 2023, 1:00 – 5:00 n.h.*

Sisimulan ng Opisina ng Rehente ng Kaguruan ang taon sa isang system-wide na pagtitipon ng kaguruan upang ilatag ang mga panukala batay na rin sa pangkalahatang programa na inihapag ni Faculty Regent Carl Marc Ramota noong panahon ng selection process hanggang sa kanyang panunumpa bilang ika-27 na Rehente ng Kaguruan.

*Tipunan ng Kaguruan*

Pinili ang salitang Tipunan upang ipakita ang pagsasama-sama ng mga guro ng pamantasan mula sa iba't ibang disiplina, anuman ang ranggo at estado ng empleyo. Ito ang magsisilbi bilang isa sa pangunahing daluyan ng aktibong partisipasyon ng Opisina ng Rehente ng Kaguruan, at ang aktibidad ngayong Pebrero ay ang magiging una sa serye ng mga Tipunan sa antas ng System hanggang sa mga constituent university (CU) at mga yunit sa susunod na dalawang taon.

Layunin ng Tipunan na gawing aktibong katuwang ang kaguruan sa pamamahala ng Unibersidad sa pamamagitan ng konsultatibong paggawa ng mga desisyon. Bilang kinatawan ng kaguruan sa Lupon ng mga Rehente, binigyang-diin ni Faculty Regent Ramota ang kahalagahan ng pagtalima sa prinsipyo ng demokratikong pamamahala, at pagkakaroon ng konsultatibo, malalapitan, at maaasahang tipo ng pamumuno.

*Mga Panukala*

Tampok sa unang Tipunan ay tatlong panukala na naglalayong tiyakin ang mas malawak na partisipasyon ng mga kaguruan, at pangalagaan ang akademikong kalayaan ng pamantasan

Ang **pagbuo ng Faculty Welfare Council** sa antas ng System at constituent university ay makapagbibigay ng karagdagang espasyo para sa kaguruan – mula mga propesor hanggang sa mga lecturer at teaching assistants at fellows – upang malaman ang isyu at usapin, at marinig ang kanilang mga saloobin, paninindigan, at rekomendasyon.

Batay na rin sa karanasan sa mga nagdaang halalan, napapanahon nang dinggin ang panukalang **rebyu ng Faculty Regent Selection Process Guidelines**, kasama na ang paglipat ng pamamahala nito Sa Opisina ng Rehente ng Kaguruan, mula sa Office of the Vice President for Academic Affairs, gaya ng proseso ng pagpili sa ibang Sectoral Regent.

Samantala, may mahigpit na pangangailangan para sa **institusyonalisasyon ng Committee to Protect and Uphold Academic Freedom and Human Rights** sa antas ng System at CU sa harap ng mga banta sa akademikong kalayaan, kalayaang sibil, at karapatang pantao sa loob at labas ng pamantasan.

*Mga Katuwang*

Kasama ng Opisina ng Rehente ng Kaguruan ang All U.P. Academic Employees Union sa paglulunsad ng unang Tipunan. Malaking tulong din ang suporta ng Opisina ng Tsanselor, Information, Publication, and Public Affairs Office, at Information Management Service ng UP Manila sa pagtitiyak ng mga pangangailangang lohistikal.

**Daloy ng Programa**

| | |
|---|---|
| Pagdating ng mga delegado | 12:45 – 1:00 n.h. |
| Pambansang awit at mga pambungad na pananalita | 1:00 – 1:10 n.h. |
| Presentasyon ng mga Panukala at Programa ng Opisina ng Rehente ng Kaguruan | 1:10 – 1:40 n.h. |
| Talakayan hinggil panukalang pag-amyenda sa Faculty Regent selection process guidelines | 1:40 – 2:10 n.h. |
| Presentasyon ng panukalang amyenda | 2:10 – 2:40 n.h. |
| Meryenda | 2:40 – 2:55 n.h. |
| Talakayan hinggil panukalang pagbubuo ng Faculty Welfare Council (FWC) sa antas ng constituent university at System | 2:55 – 3:25 n.h. |
| Presentasyon ng panukala para sa FWC | 3:25 – 3:55 n.h. |
| Talakayan hinggil panukalang institusyonalisasyon ng Committee to Protect and Uphold Academic Freedom and Human Rights sa antas ng constituent university at System | 3:55 – 4:25 n.h. |
| Presentasyon ng panukalang bagong Komite | 4:25 – 4:55 n.h. |
| Pangwakas na pananalita<br><br>UP Naming Mahal | 4:55 – 5:00 n.h. |